California School DASHBOARD

Paggalugad sa mga Ulat ng Pagkakapantay

Ang pagkakapantay ay nasa puso ng sistema ng pananagutan ng California.

Ang California School Dashboard ay tumutukoy sa mga puwang sa pagganap sa mga grupo ng estudyante sa pamamagitan ng mga ulat nito ng pagkapantay. Ang mga ulat na ito ay nagbibigay ng liwanag sa pareho ng mga tagumpay at hamon na nararanasan ng mga opisina, distrito, at paaralan ng county sa pagtugon sa mga hindi pagkakapantay. Nagbibigay-diin din ang mga ito sa mga paaralan na nagpapatupad ng mga may ipinangangakong gawain sa pagpapaliit ng mga puwang sa pagitan ng mga grupo ng estudyante.

Ang ulat ng pagkakapantay ay nagpapakita ng bilang ng mga grupo ng estudyante na inilalagay sa bawat antas (kulay) ng pagganap para sa pagsukat na iyon. Nasa ibaba ang isang sampol na ulat ng pagkakapantay para sa Tagapagpabatid ng Dami ng Nagtatapos.



Sa pagtingin sa ulat, nakita namin na ang isang grupo ng estudyante ay nakatanggap ng isang kulay na Pula (ang pinakamababang antas ng pagganap), tatlong grupo ng estudyante ang nakatanggap ng isang kulay na Dalandan, tatlong grupo ng estudyante ang nakatanggap ng kulay na Dilaw, limang grupo ng estudyante ang nakatanggap ng isang kulay na Berde, at walang grupo ng estudyante na nakatanggap ng isang kulay ng Asul (ang pinakamataas na antas ng paggana).

Sa Ibaba ng Ulat ng Pagganap, mahahanap mo ang link na “View More Details” (Tingnan ang mga Karagdagang Detalye). Kapag pinili ang link, ikaw ay dadalhin sa isang pahinang nagbibigay ng detalyadong impormasyon para sa bawat grupo ng estudyante at ng kulay na natanggap nito para sa bawat pagsukat.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.